EMPLOYMENT ONTARIO
Ontario's employment & training network

Ontario

Mga Sentrong Makakatulong sa Paghahanap ng Trabaho ng Ontario

Ang Mga Sentrong Makakatulong sa Paghahanap ng Trabaho ng Ontario (Ontario Employment Resource Centres) ay nagkakaloob sa mga taong naghahanap ng trabaho ng mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa mga mapag-aaplayan ng trabaho, mga kasangkapan sa paghahanap ng trabaho, at ng mga iba pang malalapitan para matulungan silang makapaghanap ng trabaho. Ang ilang mga centre ay nagkakaloob ng mga workshop tungkol sa kung paano maghanap ng trabaho, gumawa ng mga desisyong nauukol sa propesyon, at kung paano maging matagumpay sa interbyu para sa trabaho. Bilang bahagi ng *Employment Ontario* network ang kliyente ay ipadadala ng Mga Sentrong Makakatulong sa Paghahanap ng Trabaho ng Ontario sa mga ibang employment services sa komunidad.

Sino ang makakagamit nitong mga serbisyo?

Magagamit itong mga serbisyo ng lahat ng Canadian na naghahanap ng trabaho.

Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Tawagan ang walang-bayad na hotline ng *Employment Ontario* sa 1-800-387-5656, o (416) 326-5656 sa Toronto, para sa numero ng telepono at lokasyon ng Mga Sentrong Makakatulong sa Paghahanap ng Trabaho ng Ontario sa inyong lugar.

Pwede rin ninyong hanapin ang numero ng telepono at ang lokasyon ng Mga Sentrong Makakatulong sa Paghahanap ng Trabaho ng Ontario sa isang partikular na lugar sa pagtingin sa www.edu.gov.on.ca/eng/tcu/search.html.